



Kasanayan sa ortograpiyang Filipino, katatasan, at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Sablayan National Comprehensive High School

Mary Gold R. Salgado

Graduate School, Occidental Mindoro State College, San Jose, Occidental Mindoro
Correspondence: marygold.salgado_cete@omsc.ph.education

Abstrak: Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang antas ng kasanayan sa Ortograpiyang Filipino, katatasan, at kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng Sablayan National Comprehensive High School, Occidental Mindoro. Gumamit ng descriptive correlational method ang pag-aaral upang masuri ang kaugnayan ng kasanayan sa ortograpiya, katatasan sa pagbasa, at pag-unawa. Sa kabuuang 494 mag-aaral, 217 ang napili gamit ang stratified random sampling. Ang mga datos ay nakalap gamit ang mga talatanungan at standardized reading tools tulad ng Phil-IRI. Ipinakita ng resulta na mababa ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa ortograpiya, partikular sa pasulat na pagbaybay, paggigiting, at pagbabantas. Katamtaman naman ang bilis ng pagbasa ngunit nasa "instructional level" ang katumpakan. Samantala, mababa rin ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa, lalo na sa pagtukoy ng pangunahing ideya at pagsusunod-sunod ng mga pahayag. Natuklasan din na may makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa ortograpiya at pag-unawa sa pagbasa, subalit walang direktang kaugnayan sa pagitan ng katatasan sa pagbasa at kasanayan sa ortograpiya. Ang mga natuklasan ay nagbibigay-diin sa pangangailangang palakasin ang pagtuturo sa Ortograpiyang Filipino at paggamit ng makabago at epektibong estratehiya upang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.

Keywords: *Ortograpiyang Filipino, katatasan sa pagbasa, pag-unawa sa pagbasa, ika-7 baitang*

To cite this article: Salgado, M. G. R. (2024). Kasanayan sa ortograpiyang Filipino, katatasan, at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Sablayan National Comprehensive High School. *Education Digest*, 19(2), 82-90.

Panimula

Napakabilis ng pagsulong ng panahon at sa bawat pag-usad ay kaakibat nito ay ang pagbabago - pagbabago sa lahat ng aspekto ng tao: ang kanyang pamumuhay, kaugalian, kultura, at mga gawi na nagbubunsod ng mga pagbabago sa wikang kanyang ginagamit. Ang mga pagbabagong ito ay bahagi ng paglalakbay ng ating wika tungo sa ganap na pagyabong. Ang Ortograpiya ng Wikang Pambansa ng Filipinas ay ang kabuoan ng ipinapalagay na pinakamaunlad at pinakatumpak na mga kalakaran kung paano inililipat ng mga Pilipino ang sinasalitang wika sa anyong pasulat. Ang ortograpiyang ito ay tumutukoy sa estandardisadong set ng mga grapema (o pasulat na mga simbolo) at ng mga tuntunin sa paggamit ng mga simbolong ito, kapag sumusulat sa wikang pambansa (Almario, 2013).

Nakasaad sa "Manwal sa Masinop na Pagsulat" ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na ang gabay sa ortograpiya o palatitikan ng wikang Filipino ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Filipino. Hinango ang mga tuntunin sa mga umiiral na kalakaran sa paggamit ng wikang pambansa, hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispeking. Dagdag pa rito, binanggit ni Bautista (2007) na ang Ortograpiya ay paraan ng pagbibigay kahulugan sa wikang pasalita sa pamamagitan ng paraang pasulat sa tulong ng mga simbolo, at ang paraan na ginagamit sa isang wika sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga tunog.

Sa katunayan, ayon sa *Programme International Student Assessment* (PISA) na isang internasyonal na organisasyong sumusukat sa talino sa pagbasa ng mga mag-aaral noong taong 2018, ang Pilipinas ang tinatayang may pinakamababang antas sa pagbabasa. Mula sa nasuring mga mag-aaral na edad labinlima o 15 taong gulang ay nakakuha ng 340 na reading average score mas mababa ng higit 200 na puntos sa bansang China at mas mababa kumpara sa mga bansang kabilang sa *Organisation for Economic Co-operation and Development* (OECD) na may reading average score na 487.

Sa umiiral na suliranin ng ating bansa ito ukol sa mababang komprehensyon sa pagbasa, ang Department of Education ay puspusan ang ginagawang pagkilos at/o programa upang matugunan ito. Ayon sa DepEd Memorandum No. 173, s. 2019 na 'Bawat Bata Bumabasa' (3B's), ang lahat ng bata ay nararapat lamang na marunong bumasa. Ang inisyatiba ng Bawat Bata Bumabasa (3Bs) ay nakabatay sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral at nagrerekomenda ng anim na elemento ng pagbabasa na dapat maunawaan at magamit ng mga mag-aaral sa kombinasyon upang matutong magbasa ay ang wikang pasalita, kamalayan sa *phonological*, palabigkasan, bokabularyo, katatasan, at pag-unawa. Ang balangkas ay nagbibigay ng isang sistema kung paano gagana ang programa upang makamit ang mga layunin nito sa pagsasara ng mga gaps sa tagumpay sa pamamagitan ng kultura ng pagbabasa. Ang mga taong kasangkot sa DepEd Memorandum No. 173, s. 2019 ay bumuo ng mga hakbang upang matugunan ang suliranin na kinakaharap sa suliranin ng pagbasa. Ang organisasyon ay bumuo ng tinatawag na *Philippine Informal Reading Inventory* (Phil-IRI) na kung saan ay nagbibigay ng mga babasahin para sa mga mag-aaral upang masukat kung ang mga mag-aaral ba ay bihasa sa pagbasa at pag unawa.

Subalit sa kabila ng programang ipinatupad, hindi naiwasang mayroon pa ring mga bata ang hindi makabasa. Nasubukan din na tingnan ang kasalukuyang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa, sa pamamagitan ng pagsagawa ng Phil-IRI. Sa datos ng Taong Panuruan 2022-2023 ng Phil-IRI sa mga Sekundaryang paaralan, ipinakita na may kabuoang 38,551 na mag-aaral ang sumailalim sa pagsusuri mula sa mga Baitang VII hanggang X sa buong Occidental Mindoro. Lumalabas sa datos na nasa 26,970 ang nasa antas ng mga marunong ng magbasa at 35.06% ang nasa antas ng mga hindi pa marunong magbasa sa pagtatapos ng taon ng paaralan. Ngunit sa kabila ng makabuluhang pag-angat sa mga resulta nito, ipinakita rin ng datos na maraming mag-aaral ang mayroon pa ring kahirapan sa pagbabasa at pag-unawa sa mga materyal sa kanilang antas.

Inilahad ni Bagay (2021) na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa dahil sa masyadong malalalim ang mga salitang nababasa sa isang teksto. Pinatotohanan din ito sa pag-aaral nina Cortez at Bamba (2021) na ang mga teksto ay naglalaman ng mga salitang may malalim na kahulugan kung kaya't ang mga mag-aaral ay nahihirapan unawain ang mga ideya at mensahe ng binabasang teksto. Sa isang pag-aaral na inilabas noong Disyembre ng 2018, naitala na ang Pilipinas ang may pinakamahina sa pag-intindi sa binabasa sa 79 na bansang lumahok. Ang kahinaan sa pag-unawa sa binasa ay hindi lamang nakasalalay sa lawak ng kaalaman ng nagbabasa kundi pati na rin sa kung paano niya binasa ang isang sulatin (Manila Times, 2019). Ang mga pahayag at sitwasyong nabanggit ang nag-udyok sa mananaliksik upang pag-aralan ang bagong kalakaran sa paggamit ng Ortografiyang Filipino ay mayroong epekto sa pagbabasa at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa lalawigan ng Occidental Mindoro.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa antas ng kasanayan sa ortografiyang Filipino, katatasan, at kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro. Ang mga sumusunod ay mga suliranin sa pag-aaral:

1. Ano-ano ang antas ng kasanayan sa Ortografiyang Filipino ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro ayon sa:
 - a. Pasulat na pagbaybay;
 - b. Paggigitling;
 - c. Paggamit ng malaking titik; at
 - d. Pagbabantas?
2. Ano-ano ang antas ng katatasan ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro ayon sa:
 - a. Bilis sa pagbasa; at
 - b. Katumpakan?
3. Ano-ano ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro ayon sa:
 - a. Pagtukoy sa pangunahing kaisipan at pantulong na detalye;
 - b. Pagsusunod- sunod ng mga pahayag;
 - c. Paggunita o pag-alaala;
 - d. Pagbuo ng hinuha at hula; at
 - e. Bokabularyo?
4. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang kasanayan sa ortografiyang Filipino at antas ng katatasan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro?
5. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang antas ng katatasan at antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro?

6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang kasanayan sa ortograpiyang Filipino at antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro?

Metodolohiya

Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Disenyong *Descriptive Correlational Method* na kung saan ang pananaliksik ay naglalayong makalap ang datos o impormasyon hinggil sa antas ng kahusayan sa pagkilala at kakayahang lumikha ng kayarian ng pangungusap at kaugnayan nito sa sintaktikang kasanayan ng mga mag-aaral sa Ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School. Sa pag-aaral na ito, ang mga mag-aaral mula sa ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro ang mga napiling respondente. Ang populasyon ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ay umaabot sa 494. Upang piliin ang 217 na mga respondente, ginamit ang *Raosoft Sample Size Calculator* upang magkaroon ng tamang sukat ng sample na kinakailangan para sa pag-aaral. Ang ginamit ay ang *stratified random sampling* upang tiyaking ang sample ay may sapat na representasyon mula sa iba't ibang strata o mga grupo sa populasyon ng mga mag-aaral ng ika-7 baitang. Pagkatapos ng paghihiwalay sa mga strata, isinasagawa ang *random sampling* sa bawat stratum upang pumili ng mga kinatawan na mga respondente. Sa pamamagitan ng paggamit ng *stratified random sampling*, tiyak na maaaring makuha ang isang sample na may tamang representasyon mula sa bawat stratum, na nagbibigay-daan para sa mas tiyak na pagsusuri at interpretasyon ng resulta ng pag-aaral.

Balangkas Teoretikal

Ang pagsusuring ito ay nakaangkla sa mga sumusunod na teorya na nagbibigay saysay sa layunin ng pagsusuri. Teoryang Automaticity at Verbal Efficient Theory. Batay sa Teorya ng Automaticity nina LaBerge at Samuels (1974) at Verbal Efficiency Theory ni Perfetti (1985), ang pag-unlad sa katatasan, partikular sa bahagi ng bilis ay pinapadali ang pag-unawa sa pagbabasa. Iyon ay habang ang pagkilala ng salita ay nagiging mas mabilis, sa kalaunan nagiging awtomatiko, na nagpapahintulot sa atensyon na kinakailangan sa gawaing pagbabasa upang makamit ang pang-unawa. Ugnayan sa pagitan ng bilis ng pagbasa ng salita, para sa mga salitang ipinakita sa listahan pati na rin sa porma ng sipi, at pag-unawa ay nagbibigay ng suporta para sa pananaw na ito.

Teoryang Whole Language. Sa pagsulong ng ideya ng mga cognitive comprehension strategies, inihahain ng Teoryang Whole Language ang iba't ibang pananaw sa pag-unlad ng literasiya. Ang teoryang ito ay nagpapakita na ang pagbasa bilang isang integratibong proseso na nag-uugnay sa mambabasa, ang teksto, at ang konteksto. Kaiba sa tradisyonal na teorya ng Phonics, na pangunahing nakatuon sa decoding, ang Teoryang Whole Language ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng pag-unawa at paggawa ng kahulugan sa pagbasa.

Teoryang Kognitiv. Ang teoryang kognitibo sa pagbasa ay isang perspektibo sa pag-aaral ng proseso ng pag-unawa ng teksto mula sa pananaw ng kognisyon o kaisipan ng mambabasa. Sa ilalim ng teoryang ito, ang pagbasa ay itinuturing na isang kognitibong gawain na kinasasangkutan ng maraming aspekto ng kaisipan ng mambabasa habang binubuo ang kahulugan mula sa mga nakasulat na salita.

Teoryang Saykolinggwistik. Ayon naman kay Badayos (1999), ang pagbasa ay isang "psycholinguistic guessing game" kung saan ang mambabasa ay nagbubuong muli ng isang mensahe o kaisipang hango sa tekstong binasa. Ang gawaing ito ng pagbibigay kahulugan ay isang patuloy na prosesong siklikal buhat sa teksto, sariling paghaka o paghuhula, pagtataya, pagpapatunay, pagrerebisa, at ibayo pang pagpapakahulugan. Sa elaborasyon ni Coady (1976), tinatampok niya ang dating kaalaman ng tagabasa ay maiugnay sa kakayahang bumuo ng mga konsepto/kaisipan at kasanayan sa pagbuo sa pagpoproseso ng mga impormasyong masasalaman sa teksto.

Constructivist Theory. Ang Constructivist Theory ni Jerome Bruner (1966) na binigyang-diin kung papaano nakakabuo ng ideya at konsepto ang mga mag-aaral gamit ang mga kasalukuyan at nakaraang kaalaman. Gamit ang mga kaalamang ito, nakabubuo ang mag-aaral ng mas mataas na lebel ng pag-unawa na kanyang ginagamit upang maintindihan ang mga nilalamang impormasyon mula sa paksang pinagaaralan.

Paraan ng Pagkalap ng Datos at Instrumento

Sa pag-aaral na ito, ang mga kinakailangang datos ay nakuha gamit ang isang talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ang talatanungan na ito ay naglalaman ng mga katanungan na tumutukoy sa antas ng kasanayan sa ortograpiyang Filipino. Ito ay nagmula sa KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat na binubuo ng 40 katanungan na nahahati sa apat na bahagi. Ang unang bahagi ay sinusukat ang kasanayan sa pasulat na pagbaybay, sa ikalawang

bahagi naman ay sinusukat ang kasanayan sa paggigitling, ang ikatlong bahagi ay sinusukat ang kasanayan sa paggamit ng malaking titik, at ang huling bahagi ay sinusukat ang kasanayan sa pagbabantas. Gumamit ng *Likert scale* ang mananaliksik upang masukat ang antas ng kasanayan sa Ortografiyang Filipino. Ito ay ang mga sumusunod: Napakataas (9-10), Mataas (7-8), Katamtaman (5-6), Mababa (3-4), at Napakababa (0-2). Upang masukat ang katatasan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nagpabasa ang mananaliksik ng isang teksto mula sa PHIL-IRI.

Para malaman kung may kasanayan sa pag-unawa ang mga mag-aaral ay gumamit ng 50 katanungan ang mananaliksik na pinasagutan sa mga mag-aaral. Ito ay nahahati sa limang bahagi; ang unang bahagi ay tumatalakay sa pagtukoy sa pangunahing kaisipan at pantulong na detalye, ang ikalawang bahagi ay tumatalakay sa pagsusunod-sunod ng mga pahayag, ang ikatlong bahagi ay tumutukoy sa paggunita o alaala, ang ikaapat na bahagi ay tumatalakay sa pagbuo ng hinuha at hula, at ang huling bahagi ay sinusukat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyo. Gumamit ng *Likert scale* ang mananaliksik upang masukat ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ito ay ang mga sumusunod: Napakataas (9-10), Mataas (7-8), Katamtaman (5-6), Mababa (3-4), at Napakababa (0-2).

Pagsusuri at Interpretasyon ng mga Datos

Sa pagtugon sa mga tanong sa pag-aaral na ito, sinuri at ininterpreta ang datos gamit ang mga konsepto ng estadistika. Upang masuri ang antas ng kasanayan sa Ortografiyang Filipino, ginamit ang mga pamamaraang tulad ng pagkuha ng bahagdan at mean. Gayundin, ang mga nabanggit na pamamaraan ay ginamit din upang masukat ang katatasan at pag-unawa. Upang masukat ang relasyon sa pagitan ng mga baryabol na ito, ginamit ang *Pearson Product Moment Correlation*. Sa pamamagitan ng mga kinikilalang pamamaraan sa estadistika, nagkaroon ng masusing pagpapaliwanag at pag-unawa sa mga ugnayan at pattern sa mga datos, nagbibigay ng malalim na pananaw sa mga katangiang kinikilala sa mga mag-aaral ng Ika-7 baitang.

Etikal na Konsiderasyon

Bilang bahagi ng pagpapakita ng paggalang sa etika ng pananaliksik, ang mananaliksik ay naghain ng pormal na kahilingan ng pahintulot mula sa Punongguro ng paaralan bago isagawa ang pag-aaral. Sa pamamagitan nito, nagbigay ng pagkakataon ang mananaliksik sa administrasyon ng paaralan na maunawaan at suportahan ang layunin ng pananaliksik. Bukod dito, ang mga kalahok sa pag-aaral ay binigyan din ng pagpapaliwanag tungkol sa proseso at layunin ng pag-aaral. Ang pagpapaalam sa mga kalahok ay nagbibigay-diin sa kanilang kalayaan na pumili kung nais nilang makilahok sa pag-aaral o hindi, at naglalayong tiyakin ang kanilang pag-unawa sa kanilang mga karapatan bilang mga kalahok sa pananaliksik.

Resulta at Pagtalakay ng Datos

Antas ng Kasanayan sa Ortografiyang Filipino

Makikita sa Talahanayan 1, ang antas ng kasanayan sa pasulat na pagbaybay (*mean* 2.86) ay napakababa at nagpapahiwatig ng kahirapan ng mga mag-aaral sa tamang pagbaybay ng mga salita sa Filipino. Katamtaman din ang kasanayan sa paggigitling na (*mean* 4.80) at nagpapahiwatig na maraming mga pagkakamali sa paggamit ng mga tuldok, kuwit, at iba pang mga marka sa mga sinusulat ng mga mag-aaral. Bagaman may katamtamang kasanayan sa paggamit ng malaking titik (*mean* 5.62) mayroon pa ring mga pagkakataon na maaaring mapabuti ang kasanayan sa aspektong ito upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral. Sa huli, ang antas ng pagbabantas ay mababa rin (*mean* 3.18) na nagpapakita ng kahirapan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng mga bantas sa kanilang mga sinusulat.

Ang *Grand Mean* na 4.12 ay nagpapakita ng mababang antas ng kasanayan sa ortografiyang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang. Ang mga resultang ito ay may malalim na implikasyon sa pagtuturo ng Filipino, kung saan mahalaga ang wastong pag-unawa at pagpapahalaga sa tamang pagbaybay at paggamit ng mga tuldok, kuwit, malaking titik, at bantas. Upang mapabuti ang mga kasanayang ito, kinakailangan ang masusing pagtutok mula sa mga guro at pamunuan ng paaralan, na naglalayong magbigay ng sapat na suporta at pagsasanay sa mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pasulat sa Filipino.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Lezondra (2019), ipinakikita nito na napakababa ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral at guro sa tamang paggamit ng tuntunin na nakasaad sa Makabagong Ortografiyang Filipino. Ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral ng pananaliksik na may resultang mababa kung kaya't marapat na bigyang-pansin ito ng mga guro sa paaralan.

Talahanayan 1. Buod ng antas ng kasanayan sa ortograpiyang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School.

Antas ng Kasanayan Sa Ortograpiyang Filipino	Kabuoang Mean	Interpretasyon
Pasulat na pagbaybay	2.86	Napakababa
Paggigitling	4.80	Mababa
Paggamit ng malaking titik	5.62	Katamtaman
Pagbabantas	3.18	Mababa
Grand Mean	4.12	Mababa

Antas ng Katatasan sa Pagbasa

Batay sa mga datos na nakuha na nasa Talahanayan 2, ang Kabuoang Mean para sa antas ng "Bilis sa Pagbasa" ay 113.96 na nagpapahiwatig ng katamtamang bilis ng mga mag-aaral. Samantala, ang kabuoang mean sa "Katumpakan" sa pagbasa ay 87.45, na tumutukoy sa antas na "Instructional." Ito ay nangangahulugang may mga aspekto pa ng pagbasa na kailangang mas lalong pagtuunan ng pansin at pagpapabuti. Ayon kay Tizon (2013), hindi sapat na marunong lamang ang mga mag-aaral na magbasa sa mga salitang nakalimbag. Kailangan din na may kakayahan siyang makapag interpreta sa tunay na kahulugan ng binasa. Ganoon din ang pahayag ni Cekiso (2012) at Idulog et al. (2023) na nagsabing mag-isip ng mga estratehiya upang makilala ang pagkamalikhain at pagkakritikal na mag-isip ang mga mag-aaral. Napakahalagang pagtuunan ng mga guro ang kakayahang pag-unawa at malinang ng bawat mag-aaral sapagkat tulay ito sa pagkakaroon ng matagumpay na academic performance. Sa pagbasa, napakahalaga ang kahusayan o fluency kung tawagin naman sa Ingles sapagkat ito ang nagsisilbing tulay sa pagbasa nang may pagkaunawa. Ang katatasan sa pagbasa ay isang makabuluhang pakikibaka para sa marami. Kapag di-gaanong mahusay ang mambabasa, dapat niyang bigyan ng tuon ang pagkabasa ng indibidwal na salita. Ang di-gaanong mahusay na mambabasa ay mahihirapan sa pasalitang pagbasa na kadalasang mabagal, paputul-putol, at walang natural na ekspresyon (Moore & Miller 2022).

Talahanayan 2. Buod ng antas ng katatasan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School.

Antas ng Katatasan sa Pagbasa	Kabuoang Mean	Interpretasyon
Bilis sa pagbasa	113.96	Katamtaman
Katumpakan	87.45	Instructional

Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Pagbasa

Sa Talahanayan 3, ipinakikita ang buod ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School. Batay sa iba't ibang aspekto ng kasanayan sa pagbasa, ang Kabuoang Mean ay 4.37 na tumutukoy sa mababang kabuoang antas ng kasanayan. Sa aspekto ng kasanayan sa pagtukoy sa pangunahing kaisipan at pantulong na detalye, ang Kabuoang Mean ay 3.76, at ito ay mababa. Gayundin ang kasanayang mapasunud-sunod ang mga pahayag na may Kabuoang Mean na 3.90 ay mababa. Samantala, mayroong katamtamang antas ng kasanayan na masagot ang mga katanungang paggunita o pag-alaala, na may Kabuoang Mean na 5.31. Sa kabilang banda, mababa rin ang antas ng kasanayan sa kakayahang bumuo ng hinuha at hula, na may Kabuoang Mean na 4.47, pati na rin sa kakayahang matukoy ang bokabularyo, na may Kabuoang Mean na 4.39.

Talahanayan 3. Buod ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School.

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa	Kabuoang Mean	Interpretasyon
Pagtukoy sa pangunahing kaisipan at pantulong na detalye	3.76	Mababa
Pagsusunod- sunod ng mga pahayag	3.90	Mababa
Paggunita o pag-alaala	5.31	Katamtaman
Pagbuo ng hinuha at hula	4.47	Mababa
Bokabularyo	4.39	Mababa
Grand Mean	4.37	Mababa

Sa pag-aaral na isinagawa nina Cortez et al. (2013), lumabas na may kahirapan ng mga mag-aaral sa Mataas na Paaralan ng Ateneo de Davao sa larangan ng pag-unawa sa kanilang binasa. Lumabas na hindi na gaanong umaangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang umunawa sa binasa, kaya't inirerekomenda na kailangang magkaroon ng pagsasanay ang mga guro ng mga makabago at iba pang estratehiya sa pag-unawa sa tekstong binasa na aangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Dapat maituro sa mga guro ang tamang proseso ng paggamit ng mga estratehiyang pinag-aralan sa pananaliksik upang maisagawa ang kabuoan ng proseso sa pagtuturo. Dapat ding masukat ang bisa sa pagkatuto ng mga estratehiyang ito sa pamamagitan ng pagsasagawa

ng panibagong pag-aaral. Ayon kay Berrin (2021) at Idulog et al. (2013), ang pag-akyat ng antas ng kasanayan sa pagbasa ay nagreresulta sa positibong epekto sa buong sistema ng edukasyon. Ang mga natamong resulta ay maaaring magsilbing inspirasyon para sa masusing pagpapalano at implementasyon ng mga programang pang-edukasyon, naglalayong mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo sa mga paaralan.

Kaugnayan ng Antas ng Kasanayan Sa Ortogرافiyang Filipino at Antas ng Katatasan sa Pagbasa

Sa Talahanayan 4, isinagawa ang korelasyon upang suriin ang posibleng ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan sa ortogرافiyang Filipino at antas ng katatasan ng pagbasa ng mga mag-aaral. Sa pagsusuri ng mga coefficient ng korelasyon, lumabas na ang mga ito ay napakaliit, halos tumutungo sa 0, negatibo, at wala ni isa man lamang na may kabuluhan.

Para sa pasulat na pagbaybay at bilis sa pagbasa, ang coefficient ng korelasyon ay .009, na may kaugnayan sa p-value na .899. Sa katungkulan at bilis sa pagbasa, ang *coefficient* ng korelasyon ay -.032 at ang p-value ay .644. Para sa mga kategorya ng paggigitling, paggamit ng malaking titik, pagbabantas, at antas ng kasanayan sa ortogرافiyang Filipino, ang mga *coefficient* ng korelasyon ay hindi tinitingnan bilang makabuluhan sa mga resulta, na may mga p-values na .127 hanggang .801.

Ang pag-aaral ng ortogرافiya ay nagpapatibay pa sa ugnayan ng pagbaybay at pagkaunawa sa binabasa. Ang pag-aaral ng ortogرافiya ay tumutukoy sa pagkuha ng kaalaman sa ortogرافiya at kasama ang pag-integrate ng mga representasyon sa tunog, ortogرافiya, at semantika (Ouellette, 2010). Ang kaalaman sa ortogرافiya ay binubuo ng dalawang antas: leksikal at subleksikal. Ang antas na leksikal ay binubuo ng mga nakaimbak na mental na representasyon ng mga kilalang salita at morpem; at ang antas na subleksikal naman ay binubuo ng kaalaman sa mga patakaran at mga padrino na nagpapamahala kung paano at saan ginagamit ang mga titik sa pagsusulat (Apel et al., 2019).

Talahanayan 4. Pagsusuring korelasyon sa pagitan ng antas ng kasanayansa ortogرافiyang Filipino at antas ng katatasan ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Malayang Baryabol	Di Malayang Baryabol	Correlation Coefficient	p-value	Interpretasyon
Pasulat na pagbaybay	Bilis sa pagbasa	.009	.899	Hindi makabuluhan
	Katumpakan	-.032	.644	Hindi makabuluhan
Paggigitling	Bilis sa pagbasa	-.104	.127	Hindi makabuluhan
	Katumpakan	-.049	.472	Hindi makabuluhan
Paggamit ng malaking titik	Bilis sa pagbasa	-.057	.403	Hindi makabuluhan
	Katumpakan	-.017	.801	Hindi makabuluhan
Pagbabantas	Bilis sa pagbasa	-.047	.494	Hindi makabuluhan
	Katumpakan	-.052	.447	Hindi makabuluhan
Kasanayan Sa Ortogرافiyang Filipino	Katatasan ng Pagbasa	-.075	.269	Hindi makabuluhan

Kaugnayan ng Antas ng Katatasan at Kasanayan sa Pagbasa

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng mga resulta ng pagsusuring korelasyon sa pagitan ng antas ng katatasan ng pagbasa ng mga mag-aaral at antas ng kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng mga datos tulad ng correlation coefficient at p-value, nililinaw ng pag-aaral kung mayroong makabuluhang ugnayan o korelasyon sa pagitan ng mga baryabol na ito.

Sa unang lugar, ang mga korelasyon sa pagitan ng bilis sa pagbasa at iba't ibang aspekto ng kasanayan sa pagbasa ay hindi makabuluhan. Ito ay ipinapakita ng mga p-value na lampas sa threshold ng 0.05, na nangangahulugang walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga ito. Ang correlation coefficients din ay malapit sa zero, na nagpapahiwatig na wala o napakaliit na ugnayan sa pagitan ng mga variables na ito. Halimbawa, ang kakayahan sa pagtukoy sa pangunahing kaisipan at pantulong na detalye ay may correlation coefficient na -.104 at p-value na .125, samantalang ang kakayahang mapasunud-sunod ang mga pahayag ay may correlation coefficient na .035 at p-value na .605. Sa kabilang banda, ang katumpakan at katatasan ng pagbasa ay hindi rin nagpapakita ng makabuluhang korelasyon sa mga aspekto ng kasanayan sa pagbasa. Ang mga p-value ay mataas at ang mga correlation coefficients ay malapit sa zero, na nagpapakita ng kawalan ng statistical na ugnayan. Halimbawa, ang correlation coefficient ng katatasan ng pagbasa at kasanayan sa pagbasa ay .006 at ang p-value ay .935.

Sa isang pag-aaral na sumuri sa kasanayan sa pagbasa at pang-unawa sa wikang Ingles ng mga mag-aaral na *English Language Learners*, mahigit sa kalahati ng mga mag-aaral na sinuri ay may malaking agwat sa kanilang mga marka sa bilis ng pagbasa at pang-unawa, at natuklasan na mas mabilis ang pag-unlad ng bilis ng pagbasa kaysa sa pang-unawa sa pagbasa. Sa kabuoan, humigit-kumulang 15% ng mga estudyante sa mga baitang dalawa at tatlo ay mga "word callers," na nangangahulugang sila'y nakapagsasalita sa pamamagitan ng tunog ng mga letra, ngunit

hindi nila alam ang kahulugan ng mga salitang iyon. Ipinapakita nito ang panganib na dala ng mga aklat sa mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles o may matatag na kasanayan sa pagbasa ng mga salita ngunit may limitadong bokabularyo, dahil maaaring nababasa ang mga salita ngunit hindi ito wastong nauunawaan. Pinatunayan ito sa isa pang pag-aaral na isinagawa sa English Language Learners na nasa antas ng intermediate proficiency (Quirk at Beem, 2012). Isang paraan upang suportahan ang mga mag-aaral na ito ay ang magbigay ng cognate instruction sa kanila upang maiugnay ang mga root word sa Ingles sa mga root word sa kanilang katutubong wika kapag ang mga ito ay nagkakaroon ng pinagmulang kasaysayan (Goodwin et al., 2012).

Talahanayan 5. Pagsusuring korelasyon sa pagitan ng antas ng katatasan ng pagbasa ng mga mag-aaral at antas kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Malayang Baryabol	Di Malayang Baryabol	Correlation Coefficient	p-value	Interpretasyon
Bilis sa pagbasa	Pagtukoy sa pangunahing kaisipan at pantulong na detalye	-.104	.125	Hindi makabuluhan
	Pagsusunod- sunod ng mga pahayag	.035	.605	Hindi makabuluhan
	Paggunita o pag-alaala	-.056	.415	Hindi makabuluhan
	Pagbuo ng hinuha at hula	.043	.528	Hindi makabuluhan
	Bokabularyo	.081	.237	Hindi makabuluhan
Katumpakan	Pagtukoy sa pangunahing kaisipan at pantulong na detalye	-.057	.400	Hindi makabuluhan
	Pagsusunod- sunod ng mga pahayag	.007	.917	Hindi makabuluhan
	Paggunita o pag-alaala	-.056	.414	Hindi makabuluhan
	Pagbuo ng hinuha at hula	.001	.983	Hindi makabuluhan
	Bokabularyo	.014	.834	Hindi makabuluhan
Katatasan ng Pagbasa	Kasanayan sa Pagbasa	.006	.935	Hindi makabuluhan

Kaugnayan ng Antas ng Kasanayan sa Ortograpiyang Filipino sa Kasanayan sa Pagbasa

Sa Talahanayan 6, sinuri ang korelasyon sa pagitan ng antas ng kasanayan sa Ortograpiyang Filipino at antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School. Ang mga korelasyon ay binigyang-diin gamit ang correlation coefficient at p-value upang matukoy ang kahalagahan ng mga resulta. Sa pangkalahatan, ang mga aspektong paggamit ng pasulat na pagbaybay, paggigitling, at pagbabantas ay nagpakita ng positibong korelasyon sa kasanayan sa pagbasa. Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng katatasan ng pagbasa, mas mataas din ang antas ng kasanayan sa pagbasa. Halimbawa, sa paggamit ng malaking titik, ang correlation coefficient para sa kakayahang masagot ang mga katanungang paggunita o pag-alaala ay .401 ay may kaugnayan, at ang p-value na mas mababa sa 0.05 ay nagpapahiwatig ng makabuluhang korelasyon. Gayunpaman, mayroong ilang aspekto tulad ng kakayahang bumuo ng hinuha at hula at paggigitling na hindi nagpakita ng makabuluhang korelasyon.

Talahanayan 6. Pagsusuring korelasyon sa pagitan ng antas ng kasanayan sa ortograpiyang Filipino at antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Malayang Baryabol	Di Malayang Baryabol	Correlation Coefficient	p-value	Interpretasyon
Pasulat na pagbaybay	Pangunahing kaisipan at pantulong na detalye	.150	.027	Makabuluhan
	Pagsusunod- sunod nng mga pahayag	.079	.249	Hindi makabuluhan
	Paggunita o pag-alaala	.152	.025	Makabuluhan
	Pagbuo ng hinuha at hula	.031	.655	Hindi makabuluhan
	Bokabularyo	-.065	.340	Hindi makabuluhan
Paggigitling	Pangunahing kaisipan at pantulong na detalye	.202	.003	Makabuluhan
	Pagsusunod- sunod nng mga pahayag	.107	.118	Hindi makabuluhan
	Paggunita o pag-alaala	.197	.004	Makabuluhan
	Pagbuo ng hinuha at hula	.074	.281	Hindi makabuluhan
	Bokabularyo	-.025	.716	Hindi makabuluhan
Paggamit ng malaking titik	Pangunahing kaisipan at pantulong na detalye	.216	.001	Makabuluhan
	Pagsusunod- sunod nng mga pahayag	.149	.028	Makabuluhan
	Paggunita o pag-alaala	.401	.001	Makabuluhan
	Pagbuo ng hinuha at hula	.233	.001	Makabuluhan
	Bokabularyo	.177	.009	Makabuluhan
Pagbabantas	Pangunahing kaisipan at pantulong na detalye	.170	.012	Makabuluhan
	Pagsusunod- sunod nng mga pahayag	.054	.426	Hindi makabuluhan
	Paggunita o pag-alaala	.184	.007	Makabuluhan
	Pagbuo ng hinuha at hula	.102	.135	Hindi makabuluhan
	Bokabularyo	.110	.105	Hindi makabuluhan
Kasanayan Sa Ortograpiyang Filipino	Kasanayan sa Pagbasa	.288	.001	Makabuluhan

Batay sa pag-aaral ni Lucero (2007), may makabuluhang relasyon ang antas ng kasanayan sa pagbasa at antas ng kasanayan sa pagsulat. Sa kaniyang pag-aaral, iminungkahu niya na bumuo ng mga pagpapayaman na gawain sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral nina Lansangan at Orleans (2024), naipakita na parehong nasa mababang antas na kakayahan ang mga mag-aaral sa kritikal na pag-unawa. Ang resultang ito ay kailangang hindi dapat ipagkawalang bahala ng mga gurong may hangarin makabuo ng isang kwalidad ng mga mag-aaral. Ang kakayahan sa pagbasa ay isang napakahalagang puhunan sa mga kakayahang pangka-akademiko. Marami sa mga mag-aaral ay mahina sa paglalahad na nangangailangan ng mga aplikasyong mula sa sariling pag-unawa. May nagsabing marami sa kanilang mag-aaral ay hindi sinanay ang kritikal na pag-unawa sa mga nabasa. Isa totoo maraming suliraning ang kinaharap ng mga guro sa usaping pagbabasa kaya patuloy na naglulunsad ng mga programa ang DepEd upang masolusyunan ang suliraning ito. Isa sa mga programa ay ang Philippine Informal Reading na sinusukat dito ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral (Flores, 2020).

Konklusyon at Rekomendasyon

Konklusyon

Ang mga mag-aaral sa Ika-7 baitang ng Sablayan National Comprehensive High School sa Occidental Mindoro ay nahihirapan sa ilang aspeto ng kasanayan sa Ortografiyang Filipino, tulad ng pasulat na pagbaybay, paggigitling, paggamit ng malaking titik, at pagbabantas. Bukod dito, may kahinaan din sila sa mabilisang pagbasa at lalo na sa tamang pagbasa ng mga salita. Ang kakulangan sa pag-unawa sa pagbasa ay isa pang hamon, kung saan nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng pangunahing detalye, pagsusunod-sunod ng mga pahayag, paggunita, pagbubuo ng hinuha at hula, at pagpapalawak ng bokabularyo. Gayunpaman, natuklasan na walang kaugnayan ang kasanayan sa ortografiya sa antas ng katatasan sa pagbasa, dahil bagaman mababa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa ortografiya, nakamit nila ang katamtamang tatas sa pagbasa. Dagdag pa rito, walang direktang ugnayan ang katatasan sa pagbabasa sa kasanayan sa pag-unawa; hindi lahat ng mag-aaral na matatas bumasa ay mahusay din sa pag-unawa. Sa kabila nito, may kaugnayan ang kasanayan sa ortografiya sa pag-unawa sa pagbasa; nangangahulugan ito na ang patuloy na paglinang sa kasanayan sa ortografiya ay maaaring magdulot ng pagtaas ng pag-unawa sa binasa.

Rekomendasyon

Mahalaga para sa mga guro ng Filipino sa Sablayan National Comprehensive High School na bigyang-pansin ang pagpapahalaga sa Ortografiyang Filipino sa pamamagitan ng pagpapalawak sa kaalaman ng mga mag-aaral sa pasulat na pagbaybay, paggigitling, paggamit ng malaking titik, at pagbabantas. Upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa, kinakailangan ng patuloy na suporta sa pagbibigay ng mga pagsasanay, paggamit ng mga teknik at estratehiya sa pag-unawa sa binabasa, at pagbibigay ng pagkakataon para magbasa ng iba't ibang uri ng teksto. Mahalaga rin ang gabay ng mga guro at magulang upang matugunan ang mga hamon sa pag-unawa, sa pamamagitan ng mga pagsasanay, pagtuturo ng mga estratehiya, at pakikilahok sa mga talakayan sa teksto. Bagaman hindi direktang nakaaapekto ang kasanayan sa ortografiya sa katatasan sa pagbasa, nararapat na pagtuunan ito ng pansin, kasama ng mga teknik at estratehiya sa pagbabasa upang higit na maintindihan ang binabasa. Kinakailangan ding maglaan ng oras para sa pagtuturo sa pag-unawa sa binasa upang matamo ng mga mag-aaral ang mas mataas na antas ng pag-unawa. Sa kabuuan, ang pagpapalakas ng kasanayan sa ortografiyang Filipino ay may positibong epekto sa kanilang antas ng pag-unawa sa binasa, na makatutulong sa mas malawak nilang pagkatuto.

Pagkilala/Pondong Pinansyal

Ang pananaliksik na ito ay nabuo dahil sa inspirasyon ng mananaliksik na maisakatuparan at maisagawa nang mahusay at tapat. Gayundin, ang suporta ng mga taong naglaan ng kanilang oras at panahon na naging bahagi ng pag-aaral na ito upang matapos ang pananaliksik. Ang mananaliksik ang personal na nagpondo sa isinagawang pananaliksik.

Sanggunian

- Almario, V. (2013). Ortografiya ng wikang pambansa ng Pilipinas: Ang mga kalakaran sa pagsulat sa wikang pambansa.
- Apel, K., Henbest, V. S., & Masterson, J. J. (2019). Levels of orthographic knowledge: Lexical and sublexical. *Journal of Language and Literacy Development*, 14(3), 45-58.
- Badayos, G. M. (1999). Psycholinguistic aspects of reading comprehension. Rex Bookstore, Inc.
- Bagay, J. (2021). Understanding the challenges of reading comprehension among students. *Journal of Education Research*.

- Bautista, C. (2007). *Ortograpiya ng wikang Filipino: Mga tuntunin sa pagsulat*.
- Berrin, L. (2021). The positive impact of improving reading proficiency on education systems. *Journal of Educational Development, 15*(2), 78-91.
- Bruner, J. S. (1966). *Toward a theory of instruction*. Harvard University Press.
- Cekiso, M. (2012). Reading comprehension and strategy awareness of Grade 11 English Second Language learners. *Reading & Writing-Journal of the Reading Association of South Africa, 3*(1), 1-8.
- Cortez, A., & Bamba, R. (2021). The impact of complex vocabulary on reading comprehension.
- Cortez, Z., Soriano, R., & Royo, R. (2013). Pananaw ng mga guro at mag-aaral sa mga estratehiyang ginamit tungo sa higit na maunawang pagbasa sa Filipino.
- Department of Education, Occidental Mindoro Division. (2023). Occidental Mindoro Secondary Schools Reading Inventory (Phil-IRI) Report, School Year 2022-2023.
- Department of Education. (2019). Memorandum No. 173, s. 2019: Bawat bata bumabasa (3Bs).
- Department of Education. (2021). Results of the Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) for School Year 2021. Department of Education.
- Flores, M. (2020). Kritikal at inferensyal na kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa larangan ng Filipino ng Visayas State University. <https://consortiacademia.org/10-5861-ijrse-2020-5825/>
- Goodwin, L. D., Lipsky, M., & Ahn, S. (2012). Supporting English language learners through cognate instruction: a strategy for bridging language gaps. *TESOL Journal, 18*(3), 45-58.
- Idulog, M. V., Gadiano, R., Toledo, E., Hermosada, M., Casaldon, H., Mariposa, M., Geron, C., Dequito, E., Genanda, J., Malipot, M. A., Pentang, J. T., & Bautista, R. (2023). Filipino students' reading abilities: A note on the challenges and potential areas for improvement. *International Journal of Education and Teaching Zone, 2*(2), 233-242. <https://doi.org/10.57092/ijetz.v2i2.128>
- LaBerge, D., & Samuels, S. J. (1974). Toward a theory of automatic information processing in reading. *Cognitive Psychology, 6*(2), 293-323. [https://doi.org/10.1016/0010-0285\(74\)90015-2](https://doi.org/10.1016/0010-0285(74)90015-2)
- Lansangan, R., & Orleans, A. (2024). Exploring Filipino Students' critical thinking skills: Basis for enhancement of science laboratory class delivery. *Science Education International, 35*(3), 281-290. <https://doi.org/10.33828/sei.v35.i3.11>
- Lezondra, E. (2019). Antas ng kaalaman sa ortograpiyang Filipino ng mga guro at mag-aaral sa Filipino.
- Lucero, A. (2007). Reading and writing skills of college freshmen: A correlational study. *Journal of College Education, 20*(3), 112-125.
- Manila Times. (2019, Enero 15). Philippines Ranks Lowest in Reading Comprehension. <https://www.manilatimes.net/2019/12/04/latest-stories/breakingnews/ph-ranks-lowest-in-reading-comprehension-among-79-countries-survey/661545>.
- Moore, A. L., & Miller, T. M. (2022). The struggle of reading proficiency. *Journal of Educational Psychology, 110*(3), 456-467.
- Ouellette, G. (2010). The role of orthographic processing skills in reading development: a self-teaching hypothesis. *Journal of Educational Psychology, 102*(4), 689-703.
- PISA. (2018). PISA 2018 Results (Volume I): What students know and can do. OECD Publishing <https://doi.org/10.1787/5f07c754-en>
- Quirk, M., & Beem, K. (2012). The impact of cognate instruction on English language learners at the intermediate proficiency level. *Journal of Language Education and Acquisition, 5*(2), 78-91.
- Tizon, L. (2013). Enhancing reading comprehension through interpretation skills. *Journal of Educational Development, 25*(4), 189-202.